## Kuwento 9 : Pedro

**Talata sa Bibliya [Mga Gawa 3:6]**

**Ngunit sinabi ni Pedro, "Wala akong pilak o ginto, ngunit kung ano ang mayroon ako ay siya kong ibibigay sa iyo. Sa pangalan ni Jesu-Cristong taga-Nazaret, tumayo ka at lumakad."**



Isang araw, si Pedro at Juan ay nagpunta sa templo sa oras ng pananalangin.
At sa pinto ng templo ay nakakita sila ng isang lalaking lumpo.
Ang lalaki ay lumpo na magmula ng siya ay ipanganak at hindi kailanman nakalad.
Araw-araw ang lalaking lumpo ay nakikiusap sa mga taong pumupunta sa templo.
Nang makita ng lalaki na si Pedro at Juan ay papasok sa templo, agad itong humingi ng salapi sakanila.
Ngunit wala ni isa kina Pedro at Juan ang may dalang salapi. Kaya't sinabi ni Pedro,
"Pilak o ginto ni isa dito ay wala ako, ngunit ibibigay ko kung anong meron ako."
Hinawakan ng lumpong lalaki ang kaniyang kamay, umaasang may matatanggap siya mula sakanila.
Sinabi ni Pedro sa lumpong lalaki, "Sa ngalan ni Hesu Kristo ng Nazareth, lumakad ka!"
Inalalayan nila ito sa kaniyang kanang kamay, tinulungan ni Pedro ang namamalimos na lalaking lumpo na tumayo.
Ang mga paa at bukung-bukong ng lalaking lumpo ay naging matatag. Siya ay tumalon ay nagsimulang lumakad.
Siya ay lubos na nagalak, hindi niya alam kung ano ang kaniyang gagawin.
Sumunod siya kay Pedro at Juan sa templo habang lumalakad, umiindak at nagpupuri sa Panginoon.
Maraming tao na naparoon sa templo upang manalangin ang sumunod kina Pedro at Juan nang makita nila na ang lalaki ay nakalakad at nagpupuri sa Diyos. Hinikayat ni Pedro ang lahat na magsisi at maniwala sa Diyos.
Pagtapos nito, Si Pedro ay patuloy na nangangaral patungkol sa salita ng Diyos saan man siya napaparoon.
Kaya, sa pamamagitan ni Pedro, maraming tao ang naniwala na si Hesus ay anak ng Panginoon at tagapagligtas.



- **Basahin at isaulo ang talata sa Bibliya. (Gawa 3:6)**

**Ngunit sinabi ni Pedro, "Wala akong pilak o ginto, ngunit kung ano ang mayroon ako ay siya kong ibibigay sa iyo. Sa pangalan ni Jesu-Cristong taga-Nazaret, tumayo ka at lumakad."**

**Gawain 1.** Gupitin ang mga tauhan at gumawa ng mga finger puppet.



**Gawain 2.** Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

a. Bakit pumunta sina Pedro at Juan sa templo?

---

b. Ano ang ginawa nina Pedro at Juan sa taong hindi makalakad upang muling makalakad sa pangalan ni Hesus?

---

c. Basahin ang Mga Gawa 3:1-10 at sagutin: Ano ang ginawa ng taong hindi makalakad pagkatapos niyang gumaling?

---

- **Basahin at isaulo ang talata sa Bibliya. (Gawa 3:6)**

**Ngunit sinabi ni Pedro, "Wala akong pilak o ginto, ngunit kung ano ang mayroon ako ay siya kong ibibigay sa iyo. Sa pangalan ni Jesu-Cristong taga-Nazaret, tumayo ka at lumakad."**